## ACTIVITY

A. Decoding. Ano ang paalala ng Diyos kay Haring Solomon? Isulat ang letters sa patlang gamit ang decoder.

| A | B | C | D | E | F | G | H | I | J | K | L | M |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 |

| N | O | P | Q | R | S | T | U | V | W | X | Y | Z |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |

11-21-14-7 9-11-1-23 14-1-13-1-14 1-25 13-1-14-1-14-1-20-9-12-9-14-7 20-1-16-1-20

19-1 1-11-9-14, 7-1-25-1 14-7 9-25-15-14-7 1-13-1-14-7 19-9 4-1-22-9-4,

11-21-14-7 7-1-7-1-23-9-14 13-15-14-7 12-1-8-1-20 1-14-7 13-7-1

9-16-9-14-1-7-1-7-1-23-1 11-15 19-1 9-25-15, 1-20 19-21-19-21-14-4-9-14 13-15

1-14-7 1-11-9-14-7 13-7-1 21-20-15-19 1-20 20-21-14-20-21-14-9-14,

16-1-14-1-14-1-20-9-12-9-8-9-14 11-15 19-1 20-18-15-14-15 14-7 9-19-18-1-5-12

1-14-7 9-25-15-14-7 1-14-7-11-1-14. 14-7-21-14-9-20 11-21-14-7 9-11-1-23, 15

1-14-7 9-25-15-14-7 13-7-1 1-14-1-11, 1-25 20-1-20-1-12-9-11-15-4 19-1

1-11-9-14 1-20 8-9-14-4-9 19-21-19-21-14-15-4 19-1 1-11-9-14-7 13-7-1

11-1-21-20-21-19-1-14 1-20 2-1-20-1-19; 11-1-16-1-7 11-1-25-15' 25 19-21-13-1-13-2-1

1-20 14-1-7-12-9-12-9-14-7-11-15-4 19-1 9-2-1-14-7 4-9-25-15-19,

16-1-12-1-12-1-25-1-19-9-14 11-15 1-14-7 2-1-25-1-14-7 9-19-18-1-5-12 19-1

12-21-16-1-9-14-7 9-2-9-14-9-2-9-7-1-25 11-15 19-1 11-1-14-9-12-1.

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit itinayo ni Haring Solomon ang templo?

_______________________________________________

2. Gaano katagal itinayo ni Solomon ang templo?

_______________________________________________

3. Ano ang nilagay sa Kabanal-banalan na bahagi ng templo? Bakit mahalaga ito?

_______________________________________________

4. Ano ang pangako ng Diyos kay Solomon?

_______________________________________________

5. Ano ang babala ng Diyos kay Solomon?

_______________________________________________

Kapansin-pansin ang karunungan na mayroon si Solomon sa ating kwento. Maingat na plinano ni Solomon ang pagtatayo ng templo. Pinili niya ang pinakamahusay na mga materyales at mga bihasang manggagawa, na nagpapakita na siya ay matalino at maalalahanin sa kanyang mga desisyon. Itinayo ni Solomon ang templo dah mahal niya ang Diyos at gusto niya ng espesyal na lugar para sambahin Siya ng mga tao.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Sa isang tahimik na baryo na tinatawag na Barangay Maligaya, may batang babae na nagngangalang Liza. Siya ay kilala sa kanilang lugar bilang masipag, matalino, at mapagkakatiwalaan. Tatlong bagay ang mahalaga kay Liza ang pagmamahal niya sa Diyos, pamilya at pag-aaral. Palagi siyang nananalangin at tumutulong sa kanyang pamilya at mga kaibigan. Isang araw, napansin ni Liza na ang kanilang maliit na silid-aklatan ay puno ng mga lumang aklat na sira-sira at hindi na nagagamit. Nalungkot siya dahil wala nang masyadong nagbabasa roon at gusto niyang tulungan ang mga bata sa kanilang lugar na mahilig magbasa tulad niya. Nagdasal si Liza at humingi ng gabay sa Diyos kung ano ang maaari niyang gawin upang makatulong.

Nagkaroon ng ideya si Liza na mag-organisa ng isang book drive upang makalikom ng mga bagong aklat at maayos ang silid-aklatan. Kinausap niya ang kanyang mga kaklase, mga guro, at mga magulang tungkol sa kanyang plano. Lahat sila ay sumuporta at nagpasya silang magtulungan. Nagtakda si Liza ng mga araw para mangolekta ng mga donasyon at mag-organisa ng mga fundraising activities tulad ng garage sale at bake sale. Araw-araw, si Liza at ang kanyang mga kaibigan ay nagsikap na mangolekta ng mga bagong aklat at mag-ayos ng mga lumang aklat sa silid-aklatan. Kahit minsan ay napapagod na sila, hindi sila sumusuko dahil alam nilang ginagawa nila ito upang makatulong sa kapwa at mahal nila ang Diyos.

Pagkatapos ng ilang linggo ng masipag na pagtatrabaho, natapos din nila ang pag-aayos ng silid-aklatan. Ang silid-aklatan ay napuno ng mga bagong aklat at naging maayos at maganda. Nagkaroon ng isang maliit na pagdiriwang ang buong baryo upang ipagdiwang ang kanilang tagumpay. Ang mga bata ay tuwang-tuwa at sabik na magbasa ng mga bagong aklat. Nagpasalamat si Liza sa lahat ng tumulong at higit sa lahat sa Diyos, sa karunungan na pinagkaloob sa kanya at paggabay sa kanila upang maisagawa ang lahat.

Mga tanong:

- Ano ang ginawa ni Liza matapos mapansin ang problema sa silid-aklatan?

  ___________________________________________________________________

- Sino ang nakausap ni Liza tungkol sa kanyang plano, at ano ang ginawa nila?

  ___________________________________________________________________

- Ano ang nag-udyok kay Liza at sa kanyang mga kaibigan na patuloy na magtrabaho kahit na sila ay pagod na?

  ______________________________________________________________________

- Anong mahalagang aral ang natutuhan mo sa kwento ni Liza?

  ______________________________________________________________________

Ang kuwento ni Liza ay nagturo sa lahat, lalo na sa mga bata, ng kahalagahan ng pagiging matalino, masipag, at mapagmahal sa Diyos. Ipinakita niya na ang pagmamahal sa Diyos ay napagmamasdan sa ating mga gawa. Ang pagmamahal na ito ay isinapamuhay niya sa pamamagitan ng pangunguna sa proyekto ng pag-aayos ng silid aklatan. Ang kanyang mga kaklase ay nagpakita ng pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng dedikasyon sa pakikiisa at pakikipagtutulungan upang makagawa ng magagandang bagay para sa komunidad. Si Liza ay naging inspirasyon sa lahat ng mga bata sa Barangay Maligaya dahil naisip niya ang kapakanan ng mga kapwaniyang bata at kung paanong makatulong at magbigay ng kanilang pinakamahusay para sa Diyos at sa kapwa.



D. Memory Verse

Malibang ang Panginoon ang magtayo ng bahay, ang mga nagtatayo nito ay walang kabuluhang nagpapagod. Malibang ang Panginoon ang magbantay sa lunsod, ang bantay ay nagpupuyat nang walang kabuluhan. **Mga Awit 127:1**